

“Alza tu te **B** frente

Juventud filipina”.....! RIZAL.



# BANCON



Pahayagang tagapamatnugot

NG

KALIPUNAN NG MGA KAPISANAN SA RIZAL

Hinalathala tuwing kalahatia t katapusan ng bawat buwan

\* \* Pasig, Rizal, ika 31 ng Mayo ng 1909. \* \*

## MGA LINALAMAN.

1—Hug tayong nagtulugtulugan.—2. (Sacudamos la apatia). *ni E. Cabrera*.—3. Dula ngin ang Pagkakaisa. *ni Filoteo Taga-Ilog*.—4. Tuhogtuhog na Bulaklak (mga tulâ).—5. El Arte (continuación), *ni Pi y Margall*.—6. Mga talâ sa Rizal, *ni Laura Maza-Irag*.—7. De Educaci6n.—8. Alamât ng Makahiyâ, *ni Nashri*.—9. Prosa Egl6gica, *ni Rosalin*.—10. Ang “Sulong sa Kabayanihan” kay G. Amado, *ni Nardo*.—11. ¿Nahhibang ka yatâ! (katapusan), *ni Lokang-Hasik*.—12. Réplica de Gabriel a Baltazar.—13. Ang Katubusan ng Babâe, *salâ ni Koo-Tiis at Sinag-Bituin*.—14. Mga butô ng sin, *ni Tio Juan*

# *¡¡ Kahanġahanġa, Kalugódlugod!!*

Isang balitang napakamahalaga sa kapuluán. ¿Mahulaan kaya niyo?

Kung hindi'y magsadya kayo ngayon din sa daáng Húlo bilang 308, 310 at 312 at doon ninyo makikita ang bantog, ang laganap at napakasarap na tabako't sigarilyo na pinamagatang:

## **“KATÚBUSAN”**

**KATÚBUSAN** ÑG PUIUNANG GANAP NA **PILIPINO.**  
ÑG MANGAGAWANG GANAP NA

Pagsadyain at subukin nġ maniwala.

**BINUNDOK, MAYNILA.**

### **La FUNERARIA PAZ**

NI P. DEL ROSARIO

Binuksan noon pang 1900

Nasa daáng Paz blg. 513-515, Sta. Cruz, Maynila-Telefono blg. 1256.

agong labat ang mga karro. Ang mga ataul ay nagdidikitin, mayroong yari sa America, at may yari dito sa atin. Pili ang mga kahoy na ginagamit.

Sa mga kalanda: ang maibigang bala na. Tumatangap nġ libing kahit sa mga lalawigan.

Sa mga karro ay nagsisingkaw nġ kabayong Australya o kabayo rito sa atin, ayon sa pagkasunduan.

Labat nġ palanguting ibigin ay mayroon.

Murang sumingil kay sa ibang Funeraria.

Ang mga halaga rito ay parang upa lamang sa ka-angkapang ginagamit dahil sa kamurahan. Huwag kayong magkamali.

Daang Paz 513 at 515, Sta. Cruz, Maynila.

### **Jose P. de Tagle**

TELEFONO 1425.

Dirección Telegráfica: TAGLE-MANILA.

Gosages Soap.

Harina: Victory.

Leon, Gallo &

Imperial, etc., etc.

Maquina para zapatos

m. HILDEBRANDT.

Cromos Anunciadores de Alemania.

ALMACEN DE COMESTIBLES

Blanco, No. 16

QUIAPO

TALLER DE TALABATERIA

Dasmariñas, 84

BINONDO

# **LA PAZ Y BUEN VIAJE**

FABRICA DE CIGARROS, CIGARRILLOS Y PICADURA.

Premiada con medalla de oro en la Exposicion de S. Luis.

FUNDADA DESDE EL AÑO 1883

*Calle Asuncion núm. 111, San Nicolas*

Productos selectos y renombrados: empleando solamente en su elaboracion

HOJAS ESCOGIDAS de las mejores Vegas de ISABELA y CAGAYAN

**PROVAD Y OS CONVENCEREIS.**

# BANĜON...

PĀHAYAGĀNG TAGAPAMATNUGOT ÑĜ "KALIPUNAN ÑĜ MGA KAPISANAN SA RIZAL"  
ILINALATHALA TUWING KALAHATIA'T KATAPUSĀN ÑĜ BUWAN.

Tagapamahala,

G. CELESTINO CHAVES.

Punong-manunulat,

G. ISMAEL A. AMADO.

Tagapangasiwa,

G. JERÓNIMO DE LOS ANGELES.

Halagá ñĜ pagpapadalá: } ISANG PESETA ISANG BUAN.  
Páuna ang bayad. } ISANG SALAPI SA TATLONG BUAN.

Halagá ñĜ pagbibili: 10 NA KUWARTA BAWA'T ISA.  
Ang mĝa palathala'v sa halagang pagkakasunduan.  
Pangasiwaan, daang Castillejos blg. 19, Kyapo, Maynila.



I TAON.

PASIG, RIZAL, IKA 31 NĜ MAYO NĜ 1909.

BILANG 8.

## Huag Tayong Magtulugtulugan

Bagong panahón ang ibinabadhâ sa atin ñĜ pagluklók sa pámabalaan ñĜ samantalang Gobernador na si Mr. Forbes. Anoman ang sabihin ay di mababalí ang matandâng saláwikain ñĜ tagalog, na: "bagong hari, bagong ugali"; at ang bagay na ito'y waring pinatitibayan ná ñĜ mĝa hakahakang isásaisang tabí niyá ang mĝa bulóng at pahiwatig ñĜ mĝa politiko, upang harapín lamang ñĜ boong pagsusumakit ang pagpapabulas sa mĝa kayamanan ñĜ Sangkapuhan, asal na malayong malayó sa loobín ñĜ umalis na si Mr. Smith, na di miminsáng nakápahinhod sa mĝa simbuyó ñĜ kalooban, laban sa matatalinong aral ñĜ pamamahala at sa mĝa tapat na dandamin ñĜ mĝa tagarito.

Ang pagtatalo sa Congreso ñĜ Estados Unidos tungkol sa Bill Payne, isang kautusáng may malaking katuturan sa pamumuhay at kapalaran ñĜ Pilipinas, na walang salang di papagtitibayin, at ang pag-upô sa mataas na pámumuan dito ñĜ isang mágingeong kasapi't nangasiwâ sa madlang malalaking bahay-kalakal sa Amérika, isang punong nagpakilala ná ñĜ kanyang gawí noon pang mĝa naglaang araw sa pamamag-itan ñĜ paglikhá ñĜ "Ley de Carreteras" ó kautusán tungkol sa pagbubukás at pangangalagá ñĜ mĝa lamsangan, na naging sanhi ñĜ pagkapag-ibayo ñĜ buwis sa ilang lalawigan natin; ang pagkakasabay na iyan doon at dito ñĜ mĝa pangyayaring ating namamalas, ay maliwanag na katúparan ñĜ sadyang tuntuning binuó sa isip ñĜ kaibigan nating ñĜayo'y Presidente ñĜ Estados Unidos na si Mr. Taft.

Ang lahat ñĜ iya'y pawang babalá ñĜ panahón ñĜ totóhanang paggalar nila sa di maulatang kayamanan ñĜ lupaing itó; hindi malaláo't mamamásid natin ang di ugaling pag-aagawán sa pagkuyóm ñĜ mĝa pagkabúhay, ang paghamño ñĜ mĝa anihing mahabagá, ang pakikinabang sa masaganang lamán ñĜ ating mĝa mina, ang pagkakásalin sa ibang kamay ñĜ malalawak na bukirín, gubá't bulubunduking nanánatili sa talagá ñĜ Diyós, salamat sa pangangatawáng

gágawin ñĜ mĝa mayayamang amerikanong dito'y magkáladlad ñĜ puhunan.

Kamakaylán lamang ay dumating sa Maynilá ang isang kinatawán ñĜ malaking samahán ñĜ mĝa tindahan ñĜ tabako sa Nueva York, marahil ay upang alamin at lakarin ná ang pagtatatag dito ñĜ kanilá namang mĝa tindahan at tingalan ñĜ mahalagang aning iyan ñĜ ating lupa. Sa mĝa araw ding ito'y nápuuná ang pagkilos ñĜ mĝa nárriritong hapón upang silá ná ang sumarili't makinabang ñĜ mĝa kalakal nilang dito'y itinatawí. Anopa't kanikanyang ágap ná ñĜ mĝa mángganlalakal ang ñĜayo'y napapanood, na pawang natutunĝo sa paghahandá sa dárating na tungallán.

Sa harap ñĜ kilusáng ito'y, anó naman ang dapat nating gawín? Isang halimbawá ná ñĜ pagmamasaakit ang nababalitang pagsasapisapi ñĜ malalaking pagáwaan natin ñĜ tabako, upang siyáng pumakyáw ñĜ lahat ñĜ anihing tabako sa Kapuluan at siya ring makasarili ñĜ kalakal na ito dito sa atin. Ang ganito'y dapat din namang tularan ñĜ iba pang mĝa mayayamang pilipino, kung ibig na huag náting datún ang kahambálhambál na kalagayang maagawan ñĜ mĝa pagkabúhay. Nariyan ang malawak na puló ñĜ Mindanaw na mapaglálagyan ñĜ mĝa puhunang nakákatulog; náriyan ang mĝa gubat nating siksik ñĜ mĝa may halagáng kahoy at naghihintay lamang ñĜ pangátawanang síkap, at náriyan din naman ang mĝa lupang masásamantala ñĜ mĝa may maliliit na puhunan sa pamamag-itan ñĜ pangungupahan sa pámabalaan.

Nabúbunĝangá tayo sa pakikitungali sa malalaking samaháng dayuhan, at nauukol ding tayo'y manggasasapi naman upang sa kanila'y makatalád. Walang masasapit ang pagkakáwatak-watak natin kundi ang málamong buó ñĜ mĝa makapangyarihang *trust* na dito'y dárag-sá; at yayamang súsuong tayong sápitán, sa kabuhayan ma't sa kamatayan, pilitin natin hangang mangyayari na máiligtas ang kapa-

laran ng mga inianák sa magandang lupang itó sa Dulog Silangan.

Kapag magpapatuloy ang ganyang lákad ng mga nangyayari, ang pagtutulugtulugan matín ngayo'y magbunbuná búkas ng masasaklap na luhá sa harap ng pagkagupó ng ating mga kabuhayan at pagkalínod ng maninigas natíng mithí.

Dapat nga tayong kumilos hangang maaga.

## ISACUDAMOS LA APATÍA!

Regístrase tanto en la historia como en la vida práctica que la lectura es uno de los medios positivos para llegar a la cumbre del saber humano, porque esta, á más de ser consoladora cuando nos abruma algún pesar, es al mismo tiempo el maestro mudo que nos enseña, y como pruebas, tenemos al Dr. Rizal, á Plaridel y á una pléyade inmensa de sabios y eruditos.

Si estos prohombres se hubieran contentado solamente con lo que habían aprendido en los cátedras, y no se entregaron durante y después de sus estudios á la lectura constante y minuciosa de varios libros, periódicos y revistas que nos dán la instrucción, quizás no hubieran llegado á escalar las gradas diamantinas del templo científico, donde sus méritos personales ocuparon puestos de preferencia antes y después de su muerte; y por consiguiente no serían más que hombres medianos á pesar de sus privilegiados talentos, en vez de ser intelectuales como lo fueron.

Además, debemos convencernos que el estudio es la materia prima y la lectura es el abono principal de la inteligencia humana, al igual que los terrenos de cultivo, aunque estériles, se fertilizan por medio de él; así es que en todas partes del mundo, los más habituados á la lectura han recogido de ella abundantes frutos; en cambio, los negligentes que dejaron de hacer este requisito, si nó recogieron nada, recogieron poco, puesto que la inteligencia humana *per se* no daría ópimos frutos sino mediante el estudio ó la lectura, por cuya razón llamo la atención de la *juventud rizalina* y de todos en general, á fin de imitar este ejemplo siquiera por curiosidad, al menos para observar si mi aserto es verdad ó mentira.

¿Qué más puedo decir en pró de la lectura?

¡Oh! más frescos aún en la memoria los recuerdos del pasado.

*In illo tempore* la proporción de los filipinos que leían periódicos y revistas gracias si llegaba al *uno por ciento*; la mayor parte no sabían leer otra cosa más que el *catecismo* del P. Astete, y por eso nuestra situación político-social era poco menos que la de los *ilotas* de Esparta y los *parias* de la India, y tan es así, los *kastilas* de aquel tiempo nos llamaban *indios*, que los americanos, al venir, trasformaron en *hombres*.

De esto se deduce que nuestra apatía á la lectura nos ha hecho bastante mal pese á quien pese) pero que este mal fué desapareciendo paulatinamente á medida que nuestros compatriotas se inclinaban á la lectura, por obra y gracia de la cual hemos conocido nuestro defecto social, hasta aparecer en la palestra el *Moises filipino* que nos redimiera del cautiverio bajo el despotismo de los *Faraones*.

Mas, comparando esta etapa del *ayer* con la evolución del *hoy* vemos una gran diferencia.

Los filipinos de *hoy* no solo demuestran

gran entusiasmo por leer libros de ciencia y de arte, historias y novelas. sino que establecieron prensas, y escriben muchos de ellos ya en la lengua propia, ya en la agena, y prueba de ello, en la capital de Manila, en cada provincia y en cada pueblo del Archipiélago abundan ya suscritores de periódicos y revistas, y no satisfechos con esto, acuden á las bibliotecas y librerías buscando obras para dar vuelo á sus ideas; es decir, si *ayer* la proporción de los filipinos que mostraban afición á la lectura apenas llegaba al *uno por ciento*, hoy tal vez asciende al *veinticinco por ciento*, lo cual indica que en esto hemos progresado grandemente, y merced á ello, estamos considerados ahora como *hombres* y no como *indios*.

Por tal motivo, escuso decir que si dobláramos más el número de dicha proporción, la bella esperanza de Rizal sería una hermosa realidad, y que el deseado *mañana* surgirá del horizonte, para colocarnos en la fila de las naciones civilizadas.

Bajo este punto de vista, es poco todo lo que puedo expresar acerca de la lectura y faltan frases para encomiarla, concretándose por lo tanto á decir que aprovechemos la ocasión ya que el Gobierno americano nos concede la libertad de prensa y nos ofrece un vasto campo de estudio ó lectura donde podremos dar rienda suelta á nuestros pensamientos y tender el vuelo hasta el infinito, cosa que no hemos gozado durante la dominación española bajo la teocracia de los frailes, causa primordial de nuestra ignorancia y opresión. No queremos aletargarnos en la noche del pasado, muy sensible para la comunidad colectiva que es la patria.

¡Sacudamos, pués, nuestra apatía á la lectura!

E. CABRERA.

Balivag, Mayo 17, 1909

## DULAÑGIN ANG PAGKAKAISA

(SA MGA MANGGAGAWA NG SAPATOS-MARIKINA)

Sa udyók na makatulong sa ikapapanuto ng bayang manggagawa ng Sapatos-Marikina na laging inaalipusta ng madlang kababayan at ng taga ibang lupa, ay nangahás akong mag inót-inót gumamit ng dukhang panitik upang isagi sa ala-ala at pukawin sa kahimbingan ng pagkakaidlip. ang aking mga kababayang nabubuhay sa panggagaan ng sapatos.

Hindi gagaanong kagalingan ang naggagawa ng pagkakaisa. Kung ninanais ninyong maligtas sa pagkaalipin ang bayang manggagawa ng Sapatos-Marikina, ay matuto kayong maglakiplakip sa pamamagitan ng pagkakaisa.

Totoong kalagimlagim alalahanin ang mga ginagawa ng mga may puhunan sa mga dukhang manggagawa, gaya ng nangyayari sa mga manggagawa ng Sapatos-Marikina, na pag ang isang may pagawaan sa Maynila at sa iba't ibang pook ng Sangkapuluan ay nagnais kumuha ng isá ó dalawang manggagawa ng sapatos ay papa-

roon sa Marikina at anaki'y namumulot lamang ng isang bagay na walang gaanong halagá, at pagnakakuha ng kanyang ibig ay dadalhin na kung saan niya ibigin at pagpinagsawaan ó di nakasundó ay walang ibang gagawin kungdi ang palayasin na lamang.

Kaya, kung ninanais ng mga manggagawa ng Sapatos-Marikina ang huwág nang mangyari ang ganyang palakad, ay walang ibang dapat gawin kungdi magtayó ng isang kapisanan ng lahat na mga manggagawa ng sapatos, na ang aadhikain ay ang mahigpit na pagkakaisá, ipagtanggol ang karapatan ng manggagawa, matutong magbangon ng sariling puri, pagsikapang magkaroon ng sariling pagawaan, at iba't iba pang nahihingil sa ikagagaling at ikaaanyo ng mga manggagawa ng sapatos.

Hindi ko sinasabi na sa aking nalulugaming bayan ng Marikina ay di pa nagkakaroon ng mga kapisanan. Ito'y kinikilala ko, at sa katunaya'y nalatandaan ko pa ang mga kapisanang "El Progreso", "Unión Zapatera de Marikina", "Los Zapateros", "Anak Pawis", "Ang Pag-asa", "Tangkilikin", "Bagong Silang", "La estrella de Marikina"; datapwa't walang nalabing di nahagip ni manglulupig kungdi ang kapisanang "Anak-Pawis". Dapat namáng alamín na ang mga kapisanang natatág at nalalabi pa ay walang ibang inaadhika kungdi ang magpagawa ng sapatos; datapwa't ang kaban-dayan lamang ay kung bakit di pa nagsapisapi yamang ang nilalayon ay iisá, kaya tuloy sa kaliitan ng kanilang mga puhunan ay di lumawig sa mahabang panahon.

Sa namamalas ko ngayon, pag di kayo nagbago ng paglakad ay asahan ninyo't ang kasasapita'y ang kalagimlagim na pagkalugami, sa pagkat hindi kaili sa lahat na ang pagbibili ng sapatos ngayon ay totoong napakalaki ang ibinaba ng halagá kay sa dati, gayon din naman ang gawa ng sapatos ay sumasama kay sa unang pagpapagawa. Hindi na napag-isip ng ilang mga may pagawaan

ng sapatos sa Marikina na kung sila'y magbigay ng mababang halagá ay nakasisira sa iba na may ganoon ding hanap buhay, at kung magpagawa ng masama ay siyang pagmumulan ng di pagbili sa kanila.

Dapat katkatin at huwag panatilihin sa isipan ng ilang may pagawaan na nag-aakala ng: *walang kailanngan ang sila'y magbili ng mura sapagka't kumikita nang di unaalis sa sariling pamamahay.* Ang ganyang paghahaka ay hindi marapat. Ang ganyang paghahaka ay totoong napakalisya, kaya upang mailigtás sa ganyang kamalian, ang dapat gawin ng mga manggagawa ng sapatos ay manggagkaisá.

Huwag ninyong ikatakot ang kalagimlagim na nangyari sa dalawang malaking kapisanang natatág sa Marikina na pinamagatang "El Progreso" at "Unión Zapatera de Marikina". Dapat ninyong alalahanin na ang mga iyo'y di kapisanan ng mga manggagawa ng sapatos kungdi ng mga maypagawaan; kaya totoong lisyá ang pagkakapamagat sa ikalawa na pinanguluhan ni G. Ponciano T. de la Paz at pinangasiwaan ni ginoong Guillermo Ruiz.

Ang kinakailanngan ngayón ay hindi ang kapisanan ng mga may pagawaan kundi ang kapisanan ng mga manggagawa, sapagkat ang lakás ay nasa manggagawa at wala sa maypagawaan.

*Bayang manggagawa:* Alalahanin ninyo at inuulit ko, na ang ikapapanuto, ikalalago at ikadadakila ng inyong hanap buhay ay sa inyo rin magmumulá, alalahanin din ninyo na "ang katubusan ng bayang manggagawa ay magbubuhát sa mga manggagawa rin" ¿Datapwa't papaano ang paraan upang ito'y maganap? Walang iba kungdi pagsikapang ang mahigpit na pagsasapisapi ng lahat ng mga manggagawa ng Sapatos-Marikina at huwág magtigil hanggang di nagkakaroon ng isang malaki at sariling pagawaan.

FILOTEO TAGA ILOG.

“LA PERLA”

FABRICA DE BIZCOCHOS Y DULCES

DE J. E. MONROY

Premiada en las Exposiciones de Hanoi de 1902 y S. Luis, E. U. A. de 1904

PLAZA DE STA. CRUZ, 96-98, MANILA.

# TUHOGTUHOG NA BULAKLAK

## Kilos at Panahon...!!

(Alay sa kabinataan nang aking Lahi.)

Mga kabinatâ: háyo't mangagbanḡon  
sa pagkakahigâ't mga pagkágumon  
sa datihang gawí:

talastasín ninyóng iba sa kabapón  
ang ugali ngayó't, lákad ng panahon:

Pahirin ang mata't nang hindi magdilín;  
sa lahát ng bagay ang inyóng paningín;  
tayo'y lumákad na,

huwag nang magulík, at sabayán natin  
ang gintóng panahón na nagtutumulin.

Tayo'y inaakay ng ating kasama  
na nagpapasasâ sa dugô ng Iná,  
sa landás na matwid,  
kayâ lákad tayo't piling mákita  
yaong "kabilhasáng" tanḡing panandata.

Mayayamang isip ay huwag itigil  
sa dí karampatan, at alalahanin  
ang dagtâ ng "sising"  
mapaít na lason sa ating panimlín  
na kung magpabaya'y pilit lalagukin.

Sandaling panahong ating ilinákad  
marami nang bagay tayong napagmalás;  
sa kapwâ na lamang  
at dí na sa damit, salitâ, pag gayák  
ó iba't iba pa na madadalumat.

Si Rizal ay isa na dapat tularan  
ng tanang kadugô niya't kababayan,

Mabini'y gayon din,  
Caldero't iba pang dí na nabubúhay,  
na pawang umibig sa lupang linakhán.

Magugulang nati'y pagbukdubukuri't  
sa sarili ninyo'y mabuting kilanlín,  
pagka't kung ang iba'y  
may budhing malinis, iba nama'y Kaing  
papatay sa luáng minamahal natin.

Lahat ng mabuti'y kunang halimbawâ  
gunita'ng lagi't pilit isagawâ.

Lahát ng masamá'y  
pakailaga't gamitan ng sumpáng:  
"Mamatay na ako bago ko magawâ."

R. A. SANTOS.

Taguig, Rizal, 1909.

## ¿Sino si Luálhati?

(KAY MIL-JAV.)

Si Luálhati'y isáng bulaklák ng Taytay  
na ang pamumúkad ay bago pa lamang,  
kakikita niyáng mga nauuhaw  
sa katás at bangóng  
mga paró-paró;

at isáng bulaklák na nápakayaman  
sa tamís ng ngítíng mistulang pangpukaw  
sa mga bubúyog na aagam-agam.

II  
Isáng bagong talâ sa bughâw na lanḡit  
na páralumanin ng mga ninibig,  
at mabisáng gamót sa alin mang hapis  
at pagdaralitáng  
laging linilikhá  
sa pusò ng mga pagsuyóng malinis.  
Bagong talâ iyáng ang itapong titig  
ay isáng "halika" mandín ang kalakip.

III  
Isáng bagong anak ni magandang Benus  
na ngayón pa lamang nakapagsasabog  
ng isáng paglinḡap sa tapát umirog.  
Isáng bagong dilág  
na sa pagkawagás  
ay dí maaaring hindi ka lumuhog;  
dilág na panggising sa nangátutulog  
na mga damdamíng pihika't maramot.

IV  
Isáng bagong kawal ng kadalagahang  
siyáng mapipiling maging paraluman  
ng mga adhikáng lalong maseselan.  
Siyáng mámimithíng  
panglunas pighatí  
ng mga pagsuyóng sa pananambita'y  
saíd ná saíd ná. Siyáng karilagang  
magbibigáy siglá sa budhíng matumal.

V  
Isáng bagong diwâ't isáng bagong pusóng  
maihahandóg ná sa isáng pagsuyóng  
laging lumuluhâ, laging sumasamó't  
mailulunas ná  
sa isáng pagsintáng  
wagás at taimtim sa pamimintuhò....  
At pusóng murâ ma'y marunong umalò,  
bihasáng maglambíng at umamò-amò.

VI  
Gandá, bangó, ningning na dí napapawi't  
samyóng halimuyak ang alay na lagi.  
Dikit na ang iba'y mananaghili't  
iginagalang din  
ng kapuwâ ningning.  
Bituing ang sikat ay kalimlímít  
mistulang pangbúhay sa nalulugamíng  
ulilang makatâ.....: Iyán si Luálhati!

PITR-PUSO.

Bulakán, 1909.

## "Tuhog nang bulaklak"

(Handog sa KALIPUNAN sa RIZAL.)

"Tuhog nang bulaklak" ang nakakabagay,  
Tagumpáy na ganáp kung aking mamasdan.  
Ang kilos at lakad ay nalalarawang  
Sila'y pawang anak ng Kabayanihan  
Nang bayang may puri, may dumog at dangál,  
Marunong mangusap, at dí tatalikdán  
Ang kanilang sumpâ kahit ikamatáy.  
Sila ang palaging humahawí noong  
Landás na matínik sa ikasusulong

Sa dakilang nasa at banál na layon  
 Ng bayang dakila't bayang mapag-ampón  
 Sa mġa dayuhang inaaring poon  
 Dito sa lupà ko't kahit ang lingatong  
 Siyang ipapasín, ngiti rin ang tugón.

Masaráp magmahal, matamis unirog,  
 Wagás ang pagasa at tapat na loob;  
 Sa pakikisama'y maruonng sumunól,  
 Hindi na talima sa bawa't iutos  
 At nakagagawá ng hindi baluktót;  
 Pag na sa matuwid hindi natatakot  
 Ni di nanġingimi sa kjllát má't kulóg.

Ganyán ang marapat upang mailimpí  
 Ang irog na bayang may mahal na uri;  
 Katwira'y katwiran, huwag ipanġiming  
 Sabihi't bigkasín sa sinomang hari,  
 At iyán ang iyóng pinakamimithing  
 Laya't Kasarinlán nitóng ating Lahi;  
 Kaya joh bulaklak! háyo't magmadali.

Lákad mo'y tulinan, at samantalahin  
 Ang lamig ng araw sa bayan mong giliw;  
 Ang mġa kapatid sa pagkakahimbúing  
 Ay ibanġon mo na at sila'y pukawin,  
 Itaás ang noo, bisig ay unatin,  
 Ituró ang landás at iyóng sabihing:  
 Araw ay sġkat na, tayo ay gumising.

Sulong, oh bulaklak ng irog kong Bayan,  
 Mabining dalaga't anak Silanġanan,  
 Tubong Tagalog nang bayan ni Rizal,  
 Kayó ang pagasa at maaasahan  
 Nang Lahi't Lupa ko sa kaumagahan.  
 Hayó't magmadali ng ating makamtan  
 Ang pagsasarili nati't Katubusan.

Págod ay iwaksít tayo'y tumalagá,  
 Dagsá man ng unós sa pakikibaka  
 Ay ating suonġi't diya'y pakikita  
 Ang masayang ngiti ng ating ligaya't  
 Marárating yaóng tauġing pinipitang  
 Taluktók ng láyo't banal na pag-asang  
 Pinamuhunanau ng maraming dusa.

Pawis ay bayáng sa ati'y tumuló  
 At alintanahin ang anomang hapó,  
 Ipaín ma'y búhay, maglubó ng dugó,  
 Sa pag-gawa lamang ng ikawawastó  
 Nitóng bayan natin. At huwag pahibó  
 Sa madayáng ngiti niyóng si Palaló.

Laging puhumani'y pawang kasipagan,  
 "Tuhog ng bulaklak" nitóng aking bayan;  
 Kayá ang hirap mo, ay iyóng bayá't  
 Libo mang ginhawa'y pilit makákamtan;  
 Puhunang dakila, maidulot lamang  
 Sa lupang sarili yaong Katubusan.

At iyan, "bulaklak", ang dapat nasain  
 Ng mġa inanak ng bayan kong-giliw;  
 At iyan din naman ng upang marating  
 Ang dakilang araw nitóng lupà nating  
 Walang panġimoon, walá nang alipin,  
 Walang mangagagá ni budhing masakim  
 At ang naghahari'y úsang damdamin.

S. R. SAN.

Malabon, Rizal.

## Lambing lamang

Ako'y nagtataká; di ko maalama't  
 ang kagalitan mo ay gayón na lamang .  
 Poot ka sa akin? anóng kasalanan  
 ang aking nágawá, búhay niring búhay,  
 anong lisyáng kilos, salitá ó asal  
 ang kikilaulín ko na ipinagkulang? . . .

Bilag ng Pagsinta'y hinanap kong tikis  
 sa iyong kandunġan ang alíw ng dibdíb,  
 aking pinanġarap sa maamóng halík  
 ng Paraluman ko ang hiwagang tamís  
 ng pagsuyóng wagás . . . Akó ba'y nálihís  
 sa gayong adhiká? Oh palad kong amís!

Ang tapát na daing ng aking pagsuyó,  
 ang lalóng mapanġaw na hibík ng pusó,  
 ang lubháng mataós na luhog ko't samó  
 sa iyong pakinyig ay pawang tumimó;  
 nguni't ang ganti mong minagandang laló  
 ang lahát ng iyon ay aring biró! . . .

Ang pagmamahál mong walang kasingtúlad  
 na ipinatanaw ng iyong paglinġap,  
 ang mġa taguring: *hindi maglulubag*  
*magpakaylan pa man ang sitang inġigat;*  
 unti-unti manding pawang lumilipas.  
 binabawí mo na't ayaw ipahayag.

Di pa yatá lubós ang mġa pag-abá,  
 ngayo'y galit ka pa't ayaw magsalitá;  
 waring sa budhi mo ako'y sinusumpát  
 di ibig mámalas gilid man ng mukhá...  
 Akó bagá naman ay nápakasamá  
 upang palasapín ng ganyáng pagkutyá?

Ako'y nanġanġarap... Hindi naman gayón  
 ang mutyá kong irog... iako'y naaulól!  
 Ang mġa laká ko'y walá kundi sulól  
 ng pagmamahál ding hindi masasahól,  
 magpakaylan pa man; walá kundi bulóng  
 ng pagsintáng wagas nating pinagbuhól.

Nagagalit pa ba ang aking bituin?  
 Kinikilala kong isang paglalambing  
 lamang ang gawá mo; ako ma'y gayon dú!  
 lambing mo't lambing ko'y nagkátagpó mandin  
 at ang ibinunġa'y tampúbang niniil  
 sa dalawang pusóng kapwá naninimdim.

Súkat na ang ganyán. Tampó mo'y iwalay  
 at tayong dalawa'y laging magmahalan;  
 halina't humilig sa aking kandunġa't  
 sa mġa pisnġi mo'y tambing papahiran  
 ng mġa labi ko ang luháng iniwan  
 ng mġa himutok, dusa't kalumbayan.

Pawi na, buhay ko, ang samá ng loob.  
 aking hinihiling ng boong paglúhog:  
 aking isasabit sa dibdíb mo, irog,  
 ang mġa awit kong pinagtuhogtúhog  
 sa mġa sandaling nalipós ng lúnos  
 ang kaluluwá kong sa pagsinta'y dúmog.

Mapunġay na tingin ang mais kong tugón,  
 saka mġa ngiti... Ngiti ná... ganoón,  
 hale ná. ngiti pa't aking ibubulóng  
 naman sa pisnġi mo ang di náruruól  
 na iyong pag-ibig... Iyong iyo ngayo't  
 hangang sa libingan ang kasi mong...

TINÓY

## BE CAREFUL WHAT YOU SAY

In speaking of a persons faults,  
 Pray don't forget your own;  
 Remember, those with homes of glass  
 Should seldom throw a stone.  
 If we have nothing else to do  
 Than talk of those who sin,  
 'Tis better to commence at home,  
 And from that point begin.  
 We have no right to judge a man  
 Until he's fairly tried,  
 Should we not like his company,  
 We know the world is wide.  
 Some may have faults—and who have not?  
 The old as well as young;  
 Perhaps we may, for aught we know,  
 Have fifty to their one.  
 I'll tell you of better plan.  
 And find it works full well—  
 To try may own defects to cure  
 Ere other's faults I tell;  
 And though I sometimes hope to be  
 No worse than some I know,  
 My own shortcomings bid me let  
 The faults of others go.  
 Then let us all when we begin  
 To slander friend or foe.  
 To those we little know;  
 Remember, curses sometimes, like  
 Our chickens, "roots at home;"  
 Don't speak of other's faults until  
 We have none of our own.

MAGDALENA J. SALAW.

Malabon, Rizal, 8 Mayo, 1909.

## EL ARTE

(Continuación)

Pero, ¿cómo lograr que esas muchedumbres abracen las nuevas doctrinas y se decidan por ellas al sacrificio? Ignorantes aún, no comprenden al inventor, al sabio, al filósofo; no pueden seguir los largos y complicados raciocinios por que esos hombres llegan á la concepción de los nuevos principios. No es posible interesarlas por la reforma sino hablándoles al corazón y á los sentidos, dando cuerpo á las ideas, vistiéndolas con las galas de la fantasía, animándolas por el sentimiento. Esta es la misión del arte y de la poesía.

Encender á los pueblos en santo amor á la humanidad y moverlos á realizar, á costa de los mayores sacrificios, las ideas que material ó moralmente han de redimirlas fué en largos períodos de la historia la tarea de las religiones, y no puede menos de ser la tarea de la poesía y del arte. ¡Como! ¿habría de concurrir todo al fin social menos el arte y la poesía? ¿Habría de contribuir todo á mejorarnos, y sólo la poesía y el arte mirarnos con indiferencia, cuando no pervertirnos? Los hombres todos, poetas, artistas, filósofos, sabios, industriales, braceros, propietarios, gobernantes, súbditos, todos nos debemos á la humanidad de la que somos miembros y hemos recibido y recibimos el inmenso material de que disponemos para cubrir todas las necesidades y llenar

todos los fines de la vida. ¿Qué vale lo que podemos en cambio darle, aún consagrándole por entero nuestras facultades y fuerzas?

El arte no llena su fin como no se apodere de las ideas que van surgiendo en el espíritu, y las calienta al fuego del corazón, y las dá forma en la fantasía, y las arroja vivas y brillantes al seno de las muchedumbres, y las encarna, por decirlo así, en la conciencia de los pueblos, y las haga el lábaro y la fé de las gentes, y las arrastre por ellas aquí á los comedios, allí á las calles, acullá á los campos de batalla. La guerra es santa cuando se la hace por la libertad y la justicia y hallamos cerradas á los nuevos principios las puertas de la tribuna y la prensa.

Debe el arte no sólo caldear la idea que nace, sino también combatir las destinadas á pronta muerte, hacerse eco de los gemidos que arrancan, pintar con energía los males que engendran, condenar el egoísmo de los que las sostienen, ponerlos en duro contraste con los que sufren, y hacer brillar sobre todas las almas heridas la luz de la esperanza y el sol de la justicia. Debe animar á los pueblos con los triunfos antes obtenidos, con la apoteosis de los héroes y los mártires que en otros tiempos los condujeron á la victoria ó por ellos derramaron su sangre. Debe inflamarlos en noble cólera contra los opresores, contra los que beben en impuras orgías las lágrimas del pobre; contra todos los que erigen el vicio y el crimen en norma de vida. Debe, en una palabra, depurar todas las conciencias y levantar todos los corazones.

Debe el arte también ennoblecer el trabajo, pintar y celebrar las conquistas de la industria, coronar de flores á cuantos ensanchen el poder del hombre, derramar torrentes de poesía sobre las generaciones que van transformando la faz de la tierra, alentar todas las grandes empresas y divinizar á los genios que las han hecho posibles por el descubrimiento y la aplicación de las leyes del universo.

Mas para esto es preciso que el arte salga de su aislamiento, viva de su siglo, participe de nuestras alegrías y nuestras amarguras, asista á nuestros espectáculos, á nuestras victorias y á nuestros desastres, descienda al fondo de nuestras sociedades, conozca y comprenda las múltiples manifestaciones de nuestra vida. De otra manera mal ha de traducir ideas que no conozca, tronar contra lo que no haya excitado sus iras, hacer sentir lo que no sienta. Porque vive aislado, es frío y formalista.

Oigo ya el clamor de los que así no piensan. "Rebajas, me dicen, el arte. De expresión que fué de lo infinito lo reducís á expresión de lo más finito y variable. De una bandera de paz haceis estandarte de guerra. A incentivo de pasiones populares bajais al que siempre estuvo por encima de las pasiones. Le limitais el campo en que ha de moverse, cuando para él no hubo nunca ni tiempo ni espacio. Le cerrais el cielo, la historia, las regiones de



la fantasía. Le dais por todo teatro la humanidad presente y la condenais á un grosero realismo”.

El arte ha sido y ha debido ser la expresión de lo infinito mientras ardía la fé en el corazón del hombre, y era el cielo la sola esperanza de los que sufrían, y para el cielo se dejaba el reinado de la justicia, y se miraba el sepulcro como la puerta de la vida, y se tenía la tierra en que vivimos como un valle de lágrimas y un lugar de prueba. Los tiempos han cambiado. Las creencias mueren, la duda se entroniza en los espíritus, el hombre se siente con fuerzas para conseguir en este mismo planeta el bien y la justicia, y empieza á reconocerse como parte integrante, no sólo de la humanidad presente, sino también de la humanidad futura. Nuestros ojos apenas se levantan al cielo más que para seguir el curso de los astros errantes ó contemplar otros mundos. A la vista de ese espacio sin límites apenas buscamos ya lo infinito sino en la materia. Y cuando la seguimos en sus evoluciones, y observamos que sin cesar se transforma y nunca muere, apenas si nos atrevemos á mentar lo increado. Hemos levantado nuestra razón por encima de los patriarcas y los profetas y despoblado el firmamento como despoblamos antes el Olimpo. ¿Qué irá á buscar hoy el arte en ese paraíso obscuro y vacío, ayer tan lleno de luz y de vida á los ojos de los pueblos?

Empeñado en ser aún expresión de lo infinito quiso el arte no há mucho tiempo ser especialmente religioso. Cayó en la imitación, en la copia, y hasta las formas debió tomar del arte de la Edad Media. No creó nada, y en todas sus composiciones estuvo muy por debajo de sus modelos. No pudo elevarse al poético misticismo de Juan de Juanes, ni reproducir el sombrío ascetismo de Zurbarán, ni llegar á Murillo. Perdió el sentimiento de la realidad y se entregó á un convencionalismo tan caprichoso como estrecho, de que pudo salir no sin trabajo. ¿Por qué habría de condenársele hoy á ser la expresión de creencias que pasaron?

No pretendo, sin embargo, que se cierre para el arte las páginas del Evangelio. No pretendo cerrarle ni las del Evangelio ni las de la historia. Pretendo sólo que busque en uno y en otra las ideas vivas, no las muertas. Recuerdo haber visto la estampa de un cuadro alemán, donde se veía á Cristo entre los ya libres esclavos de la Edad Antigua. Estaban todos de rodillas, húmedos de gratitud los ojos, aclamando al que imaginaban que los había redimido de la servidumbre. Allá en un ángulo, un negro, dolorido y lleno de ansiedad el rostro, mostraba á Cristo sus manos ceñidas aún por esposas de hierro, como diciéndole:— ¿Cuándo llegará la hora de que rompas mi cadena?— Ese artista comprendía perfectamente lo que hay aún vivo en el fondo del cristianismo, y llenaba, reproduciéndolo, el fin social del arte.

No condeno ni he condenado jamás que el

arte y la poesía se inspiren en las páginas de la historia ó en las de los Libros Santos; he condenado y condeno que escojan los hechos en ellas contenidos sin más fin que el de satisfacer nuestro amor á lo bello.

Ni he querido jamás que el arte lleve su idealismo al extremo de prescindir de los seres creados, que son, aunque más ó menos imperfecta, la expresión de las ideas mismas; pero he censurado con energía que prescinda de la idea y se atenga al hecho. Por aquel camino va á lo absurdo; por éste pierde su rango y se hace industria. La idea es en nuestra razón una virtualidad inerte; sólo al contacto de la realidad despierta y entra en movimiento. Aun entonces, la idea sin el hecho es un continente sin contenido, una quimera. El arte ha de ser idealista, sin que jamás olvide la realidad, la naturaleza.

¿Le está, pues, prohibido lo fantástico?—preguntará tal vez alguno. Si por argumentos fantásticos puede llenar su fin social, no seré yo quien le cierre tampoco las encantadoras regiones de la fantasía. Guárdese, empero, de prescindir de la realidad ni aun para la ejecución de semejantes argumentos. Por las orillas de esas regiones corre la vía que conduce al delirio y desvía de la belleza. Ordinariamente lo fantástico impresiona á todos sin conmovér á nadie. Es difícil que levante pasiones ni excite afectos, y si está falto de toda realidad, completamente imposible.

¿Qué es, pues, el arte? El arte, he dicho ya en otros escritos, es la traducción de las ideas bajo formas que, sin dejar de existir en el mundo real, son más acabadas y satisfacen más el sentimiento de la belleza. El arte, añado ahora, ha de concurrir con las demás manifestaciones de la vida á la realización de los destinos de nuestra especie. Al efecto, ha de dar vida y calor á las ideas y apasionar por ellas á las muchelumbres. Lejos de aislarse de su siglo, ha de vivir en su siglo y de su siglo; pensar con él, sentir con él, esperar con él y salvar con él los precipicios que en nuestra incesante marcha á la perfección nos atajan con frecuencia el camino. Debe hasta presentir las ideas de mañana y ser la precursora de las nuevas creencias. La humanidad es el eterno Cristo: el arte ha de ser su precursor eterno.

Esto han sido todos los grandes poetas: esto serán siempre.

PI Y MARGALL.

# Dr. Sixto de los Angeles

## CONSULTORIO Y CLÍNICA

Quiotan, No 101. Santa Cruz.

Teléfono 907.

# Mga Talà sa Rizal

Magdalena J. Salaw.

Ang mga talà dito sa lupà ay may isáng ugali: kung kaylàn hindi hinahanap ay saká napakikita.

Siyáng siyá rin ng mga talà sa langit, na sumisikat kung kaylàn tulóg ang lahat, kung kaylàn naghaharì ang dilim at katahimikan. Dahil dito, wikà ng ibá ay mapagmalakí raw ang mga talà; mapagtago raw ng inhat na ningning, ayaw na ayaw na máhahayag ang iwi nilang dilág, at munting batín ay pinanungumután ng noo. ¡Talagáng gayón!

Sa akin, yao'y hindi pagmamalakí, hindi kasamáan ng ugali; kundi pagmamahál din nilà sa Sangkatauhan.

Paano kung ang mga talà ngá namang gaya ni NENA SALAW ay lálantad na lagi, kung patátanaw sa bálanga ó pakalatkalat, áno kayá ang sasapitin ng mga lalaki?...

Kung magkabitábilá na'y nagpupunáyang matá ang ating nakikita, kung tuwí na'y mga balangkinitang mukhá ó kayumangíng kulay ang ating nasasagupá at saan man tayo sumuot ay malalantík na baywáng, liyáy na dibdib, maninipís na labí, mga hubóg na noo at naguguhit na kilay ang nakakasalamuhá, áno kayá ang mang-yayari?... Ah, nakasisindák hulðan! Marahil ay sumukóng lahat ang ating pusò, magsikíp ang ating mga dibdib, at hindi malayong mangalitó ang ating isip. May panáanib na mápasa *Hospicio* tayong lahat.

Itó rin ang nangyari kay *teacher* NENA na taga Malabón. Siya'y hindi kilala ng maramí, hindi ko siyá nakilala kaagád, pagka't talós marahil ng panahón na di malayóng malitó ang amin ó aking isip sa harap ng kanyang pagkakayumiangíng wagás na tagalog, sa bisá ng kanyáng "ngítng taga-langít", at lálong lalo sa lahat ay ang kanyang tunay náng *Magdalenang* tindíg.

NENA: mágunitá mo nawá na ang sumulat ng mga abáng talatàng itó ay isáng sabik sa ligaya ng búhay, isang nagpapalagiy na ikáw ayhin dí talà lamang ng mga matá, kundi rin naman ng kanyang pusò at isip...

LAURO MAKÁ-IROG.

## DE EDUCACION

—El 31 de Marzo, con motivo de la clausura de las clases, la Escuela Provincial de Rizal bajo la dirección del Principal Mr. F. Muench celebró una velada escolar que fué concurridísima. Pronunciaron discursos el Superintendente de Escuelas, el Gobernador Provincial, y los Sres. Manuel Reyes, Delfin Musni y Primitivo Ceñidosa. Hubo un diálogo en inglés en el que tomaron parte las Srtas. Leoncia Aguilar, Juanita Velasquez y Olimpia Borja, y los Sres. Bonifacio Inares, Felipe Morada y Gerónimo Boñi, que merecieron del público nutridos aplausos.

—La Escuela de Tipás del Municipio de Taguig bajo la dirección de la maestra Srta. Agripina Natividad celebró el final del curso con una velada que se verificó el 3 de Abril. Hablaron las Srtas. Barbara Cruz, Ana Elías, E. Silvestre, Iluminada Natividad y Ambrosia Natividad, y los Sres. Eleuterio Natividad, Honorio Musni, Francisco Natividad, Benito San Juan, Francisco Balderrama, Alejandro Santos y Arsenio Natividad.

—El 11 de Abril la Escuela Central de Taguig celebró también otra velada. Antes de su co-

mienzo los invitados fueron congregándose en uno de los departamentos de la escuela donde se hallaban expuestos varios trabajos industriales de los alumnos que tanto han llamado la atención del público. Actuó de toastmaster el maestro Principal Sr. José Pagtakhán, habiendo tomado la palabra los Sres. Wm. F. Montavon, Superintendente de las Escuelas; José Tupas, Gobernador Provincial; Celestino Chaves, Presidente de la Confederación de las asociaciones de la provincia; Alejandro Santos, Maestro supervisor; Servillano Bautista y otros.

—La Escuela del pueblo de Pateros también celebró su velada el 12 de Abril que resultó muy concurrida, debido á la popularidad de su maestra principal, Srta. Cristeta Sulit. El Juez de Paz del Municipio Sr. Numeriano Castillo fué quien se encargó de presentar á los oradores al público. Hablaron el Gobernador Provincial, el Superintendente, y los Sres. Gregorio Flores, Esteban Quiogue, Menandro Quiogue, José Casado, Vicente Tuason y Alejandro Santos.

Leon Valenzuela Olivar

NOTARIO PUBLICO

{Concepción} Malabon. Rizal, I. F.

## Alamát ng Makahiyâ

(Kay PANTSING.)

Makahiyâ.

Sino ang hindi nakakikilala sa halamang itó?

Sinong mġa nagdaan sa pagkabatâ, kung dito rin lamang sa Kasilangġanan, ang di nawiling dunggoldungulin at paglibanġan ang halamang itóng sa bahagyang saling ay agíd ilinilikom ang kanyang mġa dahon?

Ayon sa mġa *botaniko*, ang ganyang kapangyarihang kumilos sa ganáng sarili ng mġa halaman ay isá sa mġa katotohanang ipinaghihirap ikasuri at lubós na mapaglayó, kung anó ang halaman at kung anó ang hayop; nguni't hinggil namao sa mġa matatandang paniwalâ, ang ganyang paláisipan ng Katalagahán (Naturaleza) ay isang *milagro* ng Maykapal na itinatakdá sa táo upang kákilanlan ng kanyang mabuti ó masamang inasal.

Ang "makahiyâ" ay isá sa mġa halamang may kapangyarihang kumilos sa sarili, at ang kapangyarihan niyang itó'y may angking isang alamát.

—Pag ikaw ay nakapitâs ng isáng dahong di ikóm ng halamang iyan, ay madalíng iharáp mo sa iyóng iniibig at makikita mong di ka matititigan at yuyukóng hiyáng-hiyâ sa iyó.

Ganyán ang salitang sabay na itinuturó sa akin ang isáng malabay na punong "makahiyâ" sa tabí ng batis, ng matandang kasaka-sama ko sa paglalagalag sa mġa kabundukan nitong Sangkapuluán ng kasalukuyan ng paghihimagsik.

Bagama't di ko pinaniniwalaan ang kanyang sinabi, ay nagtimpí ako sa panġangġambáng baka di niya ituloy ang pagsasaysay.

—Bakit pò gayon? ano ang inyong nalalaman sa halamang iyan?—ang pamanghlang tanóng ko.

—Di umano, nang ang Bathalâ ng mġa tagalog ay nagmumunimuni kung anó ang halamang mabuting ipaalagâ sa kanyang mġa alagád, ay sáubungó sa kanyang isip ang pumò ng makahiyâ. Noon ay di pa umiikom ang mġa dahon nito kahit mo salanġin; nguni't dalâ ng kaliliitan ng kanilang mġa dahon ay madalâs káwiliháng paglibanġan ng ating Bathalâ.

Ng panahóng yaón ay may nabubuhay namang isáng magasawa, na sa dalawampung taóng kanilang pagsasama'y iisa lamang ang kanilang naging supling at babâe pa naman. Di gagaanong pagmamahal at di matimbang na pagaarugâ ang ipinatatamasang lagí ng magasawang iyón sa kanilang sanggol. Isáng araw, sila'y nakáisip maglibanġibáng sandalí sa pook na kanilang tinatabanan. Nimanais na bago sila manġamatáy ay maianyó na muna ang kabuhayan ng kanilang mauulilang anak; itó ang lamán ng pagiisip ng magasawa sa boo nilang pagliwaliw.

Tayo'y matatandâ na, anáng lalaki, mahihinâ na ang ating katawan at darating pa ang araw na di na tayo makakikilos. Kung tayo'y

magkaganito na'y sino ang ating maaasahang kukupkóp at magaalagâ sa atin? May isá tayong anak ay babâe pa naman. Siya ang maaasahan nating makapagarugâ, dapwa't dalâ ng kanyang pagkababâe, ay di natin mapababayaan namang maglalayó upang dumulang ng kina-kailanġan nating pangtawid bġhay. Kayâ inakalâ ko, at aywan kung inaakala mo rin namán, na ang mabuting gawin natin ay tulunġan siyang pumili ng dapat niyang tugumán ng kapwa lugód sa madlang binatang kasalukuyang nalugod sa kanya."

"Mabuti ngâ ang ganyang náisipan mo, ang saad naman ng babâe; nguni't siya'y bayaan na natin muna ngayóng pumiling mag-isa ng kanyang inaakalang dapat kalugdán, at kung dumating na ang panahon ay saka na pamag-itanan siya."

Itó ngâ ang napagkáisahang gawin ng dalawang matandâ, at pinagtibay sa kanilang kalooban.

Lumalákad ang panahon sa magasawa, na puspos ng katamisang idinudulot ng panumuhay sa iláng. Sa matahimik nilang kalagayan, lahat halos ay nalulugod sa kanilang pamumuhay; sa kagandahang loob at pagugali ng kanilang anak, lahat halos ay nangaya; ano pa't mahirap man ang magasawang iyón ay may kayamanan namang angkin, isáng kayamananang di matutumbasán ng gaano mang pilak at gintó: ang kanilang anak.

Sa mainam na pakikipagkapwa táo, si Makahiyâ ay ulirán; sa kalugod-lugód na pagugali, siya'y walang kawanġis; sa kagandaha'y wala namang kapilas. Kaya't sa pagkakatanġi niyang lubos sa tanang dalagang kapanahón niya ay kinahulugdán ng labát ng binatâ; pawang tumitibók sa kanyang harap ang kanikanilang mġa pusó. Isá sa mġa ganitóng binatâ ay si Lakan-Tiis, batang hiráp, sumóg ang balát at hasâ ang kátawan sa ínit ng araw; siya'y isáng binatâ rin namang nahilirang sa mġa kapwâ, na nagtamong hugod kay Makahiyâ ng gaya ng dito'y pagkalugod niya.

Sila ngâ'y nagkásintahan, at sapagka't ang dandaming ito kaylan ma'y di maikukubli, napagtalastas ng lahat ang kanilang pagsusuydán hanggang sa sumapit sa tamġa ng mġa magmagulang ng dalawang sing-irog.

Ang mġa magulang ni Lakan-Tiis ay sumang-ayon ng walang alinlanġan, sapagka't para sa kanila ay walâ nang dalagang dapat pang pinutuin ang kanilang mahal na anak kung hindi ngâ si Makahiyâ; subali't para sa magulang nito'y wala na namang dapat ilagan ang kanilang anak na di gaya ng isáng túlad lamang kay Lakan-Tiis, bagaman sa ganang sarili ni Makahiyâ ay walang kakatwiktawiran ang mġa pagtutol na iyan ng kanyang mġa magulang, pagka't sa palagay niya'y walâ nang mahanap na isáng lalaking may magandang loob, may mayamang isip, marumong magmahal, may dangal, may puri, sa minsang sabi, na sa kanya ng lahat ang palamuting dapat taglayin ng isáng karapatdapat na binatâ: iyón ngâ lamang, may

kahirapan, n̄guni't ang kahirapan n̄g isáng lalaki'y lalong nagpapatingkád sa kabutihan niyang taglay.

